# MADALING PATNUBAY SA ZAKAH (1 NG 2 BAHAGI)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Unang bahagi sa madaling pagsunod sa mga mahahalagang patnubay na dapat malaman ng bawat Muslim tungkol sa zakah, isa sa limang haligi ng Islam.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Obligadong Kawang-gawa (Zakaah)

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2012 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 16 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin:

·Upang matutunan ang kahulugan at kahalagahan ng *zakat*.

·Upang matutunan ang wastong kahulugan ng *zakah.*

·Upang malaman kung ano ang *nisaab.*

·Upang malaman kung kailan binabayaran ang *zakat* at kung sino ang kailangang magbayad nito.

Mga Katawagan sa Arabik

·*Zakah* - obligadong kawanggawa.

·*Sadaqah* - kusang-loob na kawanggawa.

·*Shahadah* - Pagpapahayag ng Paniniwala o pananampalataya.

·*Hajj* – isang paglalakbay sa Makkah kung saan ang mga manlalakbay o peregrino ay nagsasagawa ng itinakdang mga ritwal. Ang Hajj ay isa sa limang haligi ng Islam, na kung saan ang bawat isang Muslim na nasa tamang edad ay obligadong magsagawa isang beses sa kanilang buhay kung sila ay may kakayahang pinansyal at pisikal.

·*Ramadan* - Ang ika-siyam na buwan sa islamikong kalendaryo. Ito ang buwan kung kailan itinalaga ang obligadong pag-aayuno.

·*Shariah* - Islamikong Batas.

·*Nisaab* - ang pinaka-mababang halaga sa kayamanan ng isang na tao na dapat ibayad sa *zakah* upang maging obligado.



Ang limang pinaka-mahalaga at makabuluhang gawaing pagsamba sa Islam ay kilala bilang "mga haligi ng Islam." Ang mga ito ay ang "*shahadah"* (ang pagpapatotoo na walang nararapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay ang Sugo ng Allah), ang limang beses sa isang araw na pagdarasal, *zakat* (obligadong kawanggawa), pag-aayuno, at *Hajj* (peregrinasyon). Ang isang Muslim ay kinakailangang unahin sa lahat na tumuon sa pag-aaral at pagsasanay sa mga haliging ito bago tumuon sa iba pang mga aspeto ng Islam.

Ang salitang *'zakah'* ay karaniwang isinalin bilang 'karapatan ng mahirap' o 'kontribusyon sa buwis.' Sa katunayan, walang anumang salita ang maaaring magsalin nang maayos sa zakat.

Bago ipaliwanag ang salitang *zakah,* mas mainam na maintindihan kalakip ang ibang salita, na "*sadaqah*."

Ang *Zakah* at *sadaqah* ay magkaiba. Ang *Zakah* ay obligadong kawanggawa at ito ay kinakailangan, samantalang ang *sadaqah* ay kusang-loob na pagkawang-gawa sa kapwa at isang inirerekomendang gawain na nagbibigay ng karagdagang gantimpala. Bukod dito, ang *zakah* ay ikatlong haligi ng Islam. Ang hindi pagbabayad ng *zakah* dahil sa kapabayaan ay isang kasalanan, samantalang ang isang tao sa pangkalahatan ay hindi makasalanan dahil sa hindi pagbabayad ng kusang-loob na kawanggawa. Iyon ang dahilan kung bakit tinatawag ito na "kusang-loob" na kawanggawa! Ang *Zakah* ay kinakalkula nang wasto at maaari lamang ibigay sa mga partikular na tatanggap, samantalang ang *sadaqah* ay hindi napapaloob sa mga nasabing regulasyon. Ang *Zakah* ay dapat ibigay taun-taon, samantalang ang *sadaqah* ay maaaring ibigay lamang ng isang beses o mas madalas kung nais ng isang tao.

## Ang Kabutihan ng Zakah

Ang *Zakah* ay isang magandang gawain ng pagsamba na nakakabit sa pagpapadalisay. Sa katunayan, ang paguguol ng yaman sa *zakah* ay nagpapadalisay sa puso mula sa pagmamahal sa materyal na yaman. Ang isang tao na nag-aalay ng donasyon mula sa kanyang kayamanan ay nagpapatunay sa katotohanan na sa kanya ay walang natatangi maliban sa pagmamamahal sa Allah at siya ay handang isakripisyo kahit na ang kanyang kayamanan sa ikasisiya ng Allah. Ang Propeta Muhammad (SAW) ay nagsabi,

***'Sinumang magbayad ng zakah para sa kanyang yaman ay aalisin ang kasamaan mula sa kanya.' [1]***

## Wastong Kahulugan ng Zakah

Sa Islamikong Batas (*Shariah*), ang mga salita ay malinaw na tinukoy. Ang *Zakah* ay walang pagliliban. Tinutukoy ng *Shari'ah* ang *zakah* na isang partikular na bahagi sa yaman ng isang tao na dapat ibigay o ibayad taun-taon sa isang partikular na grupo ng mga tao na binanggit sa Quran.

## Ang Kahalagahan ng *Zakah* at ang Parusa sa Hindi Pagbabayad nito

Ang *Zakah* ay kumakatawan sa habag ng Islam tungo sa mahihirap at nangangailangan. Ang *Zakah* ay hindi isang buwis, ngunit ito ay isang gawaing pagsamba kung saan ang isa ay tatanggap ng gantimpala mula sa Allah. Ang hindi pagbabayad ng *zakah* ay isang kasalanan. Ang pagtanggi sa obligasyong ito ay gawaing kawalan ng paniniwala.

Sinabi sa atin ng Quran ang tungkol sa kapalaran ng mga tumangging magbayad ng *zakah*. Sinasabi nito,

***"…At yaong mga nag-iipon ng ginto at pilak at hindi ito ginugugol sa landas ng Allah, balaan sila sa isang masakit na pagdurusa (sa buhay na darating). Sa araw na iyon kapag ang (kinolektang kayamanan) ay pinainit sa apoy ng Impiyerno at kasama dito ang kanilang mga noo, ang kanilang mga tagiliran, at ang kanilang mga likod ay mamarkahan (at sasabihin sa kanila), 'Ito ang kayamanan na inyong kinolekta para sa inyong sarili, kaya tikman kung ano ang inyong itinago. '"(Qur'an 9: 34-35)***

## Ano ang *Nisaab*?

Ang *Zakah* ay hindi dapat bayaran maliban na kung ang yaman ay umabot sa pinakamababang antas na tinatawag na *"nisaab*." Isiping ang *nisaab* bilang isang timbangan upang matulungan kang malaman kung kailangan mong magbayad ng zakat. Ang iba't ibang uri ng kayamanan ay may iba't ibang nisaab:

Pilak - 595gm

Ginto - 85gm, 3 US oz, or 2.74 troy oz na purong ginto

Salaping hawak at Ipon - Katumbas ng halaga ng 85 gm ng ginto o 595 gm ng pilak, alinman sa mga ito na mas mababa.

Ang *Zakah* sa mga bagay sa itaas ay 2.5% ng kanilang halaga. Kung ang *nisaab* ay natugunan sa anumang uri ng yaman, ang *zakah* ay naaangkop lamang sa partikular na uri ng yaman at kinakalkula sa kabuuan (nisaab + ang labis) ng mga ito.

Ang mga presyo ng ginto at pilak ay nag-iiba araw-araw sa pandaigdigang mga pamilihan. Halimbawa, noong Agosto 15, 2012, ang presyo ng ginto ay humigit-kumulang na $ 51.54 / gm at para sa pilak ay $ 0.89 / gm, kaya ang *nisaab* para sa ginto ay humigit-kumulang na $ 4380.9 ($ 51.54 x 85 kada gramo) at ang *nisaab* para

sa pilak ay humigit-kumulang na $ 529.55 ($ 0.89 x 595 kada gramo). Ang mga presyo ng ginto at pilak ay maaaring makuha mula sa www.goldprice.org

## Kailan Itinakdang Magbayad ng *Zakah?*

Maraming mga alituntunin at regulasyon ng Islam ang nakasalalay sa taunang kalendaryo ng Islam. Ang *Zakah* ay isa sa kanila. Kung ikaw ay may kayamanan ng higit pa kaysa sa *nisaab* sa loob ng isang taon (lunar), kung gayon ay kailangan mong magbayad ng *zakah*. Kahit na hindi kinakailangan, ngunit ang karamihan sa mga tao ay kinakalkula ang kanilang *zakah* tuwing sasapit ang buwan ng Ramadan. Maaari mo itong ayusin upang kalkulahin at bayaran ang iyong *zakah* tuwing ika-1 o ika-15 araw ng Ramadan

Halimbawa: Sabihin na mayroon kang $ 2000 / - at 800 gramo ng ginto sa loob ng isang taon. Ang iyong zakah ay magkakahalaga ng $50 at 2.5% ng 800 gramo, na 20 gramo o katumbas na salapi nito.

## Sino ang Dapat Magbayad ng *Zakah?*

Ang *Zakah* ay kailangang galing sa mga Muslim lamang kung sila ay may sapat na gulang o menor de edad, lalaki o babae, may matinong pag-iisip o wala sa katinuan. Ang mga pinagkatiwalaang tagapag-alaga ay dapat magbayad ng *zakah* para sa mga taong walang kakayahan. Ito ay isang napaka importanteng usapin para sa mga batang may mga natatanging pangangailangan na may sariling mga pondo o may isang ipinagkatiwalang pondo na ginawa para sa kanila at ang pera na nakuha sa mga naipon na iyon ay umabot sa *nisaab.*

Ang *Zakah* ay nararapat din sa kalakal, hayop at mga ani tulad ng mga butil, prutas, at gulay. Mahalaga para sa isang negosyante o isang magsasaka na malaman ang tungkol sa mga regulasyon ng *zakah* na nauukol sa kanya, ngunit sa ngayon ito ay hindi natin pag-uusapan sa mga araling ito.

Walang *zakah* sa mga bagay na ginagamit sa pagbibigay-kasiyahan sa pangunahing mga pangangailangan. Ang mga pangunahing pangangailangan ay pagkain, tirahan, damit, mga gamit sa bahay, mga kagamitan sa kusina, kasangkapan, atbp.

---

Pinagkunan:

| | |
|---|---|
| [1] | *Ibn Khuzayma and Tabarani* |

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/164/madaling-patnubay-sa-zakah-1-ng-2-bahagi

Copyright © 2011 - 2023   NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.